# ((Katotohanan ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at si Abu bakar at umar -malugod si Allah sa kanilang dalawa-sila ay nagsisimula sa pagdarasal ng(Alhamdu Lillahi Rabbil A`lameen)" Ang papuri ay ukol kay Allah,Panginoon ng mga nilalang".At sa ibang salaysay:((Nagdasal ako kasama sina Abubakar at Umar at Uthman,at hindi ko narinig mula sa kanila na nagbasa ng(Bismillaher Rahmaner Raheem)"Sa ngalan ni Allah,ang Napakama-awain,ang Maawain".At sa salaysay ni Muslim:((Nagdasal ako sa likod ng propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at Abu bakar at umar at Uthman,at sila ay nagsisimula sa (Alhamdu lillahi rabbil A`lameen)" Ang papuri ay ukol kay Allah,Panginoon ng mga nilalang" at hindi nila binibigkas ang (Bismillaher Rahamaner Raheem)"Sa ngalan ni Allah,ang Napakama-awain,ang Maawain" sa unang basa at sa huli nito.))

Ayon kay Anas bin Malik malugod si Allah sa kanya:(( Na ang propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at si Abu bakar at umar -malugod si Allah sa kanilang dalawa-sila ay nagsisimula sa pagdarasal ng(Alhamdu Lillahi Rabbil A`lameen)" Ang papuri ay ukol kay Allah,Panginoon ng mga nilalang".At sa ibang salaysay:((Nagdasal ako kasama sina Abubakar at Umar at Uthman,at hindi ko narinig mula sa kanila na nagbasa ng(Bismillaher Rahmaner Raheem)"Sa ngalan ni Allah,ang Napakama-awain,ang Maawain".At sa salaysay ni Muslim:((Nagdasal ako sa likod ng propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at Abu bakar at umar at Uthman,at sila ay nagsisimula sa (Alhamdu lillahi rabbil A`lameen)" Ang papuri ay ukol kay Allah,Panginoon ng mga nilalang" at hindi nila binibigkas ang (Bismillaher Rahamaner Raheem)"Sa ngalan ni

Allah,ang Napakama-awain,ang Maawain" sa unang basa at sa huli nito.))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Binabanggit ni Anas malugod si Allah sa kanya:Na sa tagal ng pagsama niya sa propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan at hindi niya paghihiwalay sa kanya at sa mga Khulafa Ra`shedeen,hindi niya narinig mula sa kanila na magbasa ng (Bismillaher Rahmaner Raheem)"Sa ngalan ni Allah,ang Napakama-awain,ang Maawain" sa pagdarasal,hindi sa unang pagbasa at hindi rin sa huli nito,subalit sila ay nagsisimula sa dasal nila ng (Alhamdu Lillahi Rabbil A`lameen)" Ang papuri ay ukol kay Allah,Panginoon ng mga nilalang",at nagkaiba ang opinyon ng mga may kaalaman batay sa pagpapahintulot sa pagbigkas ng Bismillah (Bismillaher Rahmaner Raheem) at sa pagpapahayag nito,sa maraming pananalita,At ang tumpak mula sa pananalita ng mga may kaalaman:Na ang taong nagdarasal ay magbibigkas ng" Bismillaher Rahmaner Raheem" na hindi naririnig bagu magpanimula sa pagbasa ng"Al-Fatihah"sa lahat ng raka`ah(tindig) ng dasal niya,sa dasal na hindi ipinapahayag ang bigkas o ipinapahayag ang bigkas.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3327

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee